# Mount Rainier
## Tagalog (Tagalog)





*Sa lahat ng apoy na bundok na gaya ng mga parola, kapag lumagablab na sa kahabaan ng Baybayin ng Pasipiko, ang Mount Rainier ang pinakamaringal.*

John Muir

Isang bundok ng di-masukat na inspirasyon, ang Mount Rainier ay sentro ng ikalimang pambansang parke ng bansa. Ito ay isang lugar ng pagtuklas at pag-abot ng personal na mga tagumpay, kung saan nananatili ang mga tradisyong pampamilya.

Sa taas na 14,410 talampakan, ang bundok na ito ang pinakamataas na bulkan sa Cascade Mountain Range at ang taluktok sa kontinente ng Estados Unidos na pinakanababalutan ng niyebe. Ang mga haliging basalto at iba pang mga labi ng sinaunang mga pagputok ng bulkan at daloy ng lava ay nagsisiwalat ng sinaunang heolohikal na kasaysayan ng Mount Rainier.

Ang mga glacier, malalaking ilog ng yelo na hanggang 750 talampakan ang lalim, ay dumadaloy pababa sa mabatong dalisdis. Ngunit, sa pinakatuktok nito, lumalabas ang mainit na singaw na nagmumula sa pinakailalim ng bundok, isang paalala na isa pa rin itong aktibong bulkan.

Sa itaas ng Mount Rainier, milyun-milyong bituin ang nagliliwanag sa kalangitan sa gabi. Binabawasan nito ang paggamit ng artipisyal na liwanag sa parke. Pinananatili nito ang kadiliman, kung kaya kitang-kita ang mga konstelasyon at planeta.

Sa tagsibol, unang natutunaw ang niyebe sa paanan ng mga burol. Sa silong ng matandang kakahuyan, namumukadkad ang mga bulaklak at ang mga pako. Sa bahaging subalpine, hanggang dalawang buwan lang ang tag-araw. Ang pag-angkop sa kapaligiran na nangailangan ng daan-daang taon para mabuo ay napatunayang napakahalaga para mapanatili ang pag-iral. Ang napakaraming ligaw na bulaklak at mga insektong nagpapangyari ng polinasyon ay nagbibigay-buhay sa kaparangan. Sinasamantala ng mga ibon at mamalya na manginain sa kasaganaang ito bago dumating ang taglamig.

Ang pagpasok sa parke ay parang paghakbang pabalik sa nakaraan—isang lagusan patungong Mount Rainier National Historic Landmark District. Ang mga kalsada, gusali at iba pang istruktura ay dinisenyo halos isang daang taon na ang nakalipas. Ang malalaking troso at bilog na malalaking batong ilog ay nagpapakita ng lumang ng national park noong sinauna, na umaangkop naman sa natural na tanawin ng parke.

Sa loob ng libo-libong taon, naging isang mahalagang lugar ang Mount Rainier para sa mga Pacific Northwest Indian. Halos dalawang milyong katao mula sa buong daigdig ang bumibisita ngayon sa Mount Rainier National Park taon-taon. Habang sumusulong ang buong daigdig, nanatiling matatag ang bundok na ito, isang lugar kung saan muling maiuugnay ng mga tao ang kanilang sarili sa mga bagay na mahalaga sa kanilang buhay.

**Habang paakyat sa mga glacier at bunton ng lava ng Mountain Rainier, ang kanilang ay ng ilaw na nakakabit sa ulo, tuloy-tuloy na naglalakabay ang mga bisita tungo sa pinakatuktok sa silong ng mabituing kalangitan *(sa itaas)***

© JEFF BERKES

# *Di-malilimutang mga Destinasyon*

## Longmire



NPS

**Ang Longmire ay napupuntahan sa buong taon.**

Mapupuntahan sa buong taon. Mag-snowshoe o cross-country ski sa panahon ng taglamig. Mamasyal sa dulo ng kaparangan kung saan nagtatagpo ang kasaysayan at kalikasan. Mag-day hike para sa mas malawak na matatanaw. Bumalik sa nakaraan, tuklasin ang lumang arketektura ng parke sa kahabaan ng Longmire Historic Walking Tour. Manatili ng isang gabi sa makasaysayang National Park Inn. Mula sa balkonahe, hangaan ang paglubog ng araw sa bundok.

## Paradise



NPS / JASMINE DAVIS

**Bisitahin ang kaparangan ng Paradise sa panahong makikita ang pinakamagandang tanawin dito.**

Sa tag-araw, mag-hike sa namamantining daang-tao sa palibot ng mga kaparangan, ilog, at talon. Panoorin at pakinggan ang buhay-ilang—mga oso, grouse, paro-paro, marmot, at marami pang iba. Tuklasin ang mga exhibit sa information center para sa mga bisita at pag-akyat. Mamahinga sa gabi o magmiryenda sa makasaysayang Paradise Inn. Kumuha ng isang sled at pumunta sa lugar ng palaruan sa taglamig ng Paradise, magtayo ng snow camp, mag-ski o mag-snowboard.

## Ohanapecosh



© DANIEL WYKNENKO

**Mag-camp, umakyat, at maggalugad sa ilalim ng silong ng matatandang punong-kahoy.**

Ang matandang kagubatan ay tatak ng Ohanapecosh. Mga matatandang punong-kahoy, buhay-ilang, mga talon, ligaw na bulaklak sa tagsibol, at saganang kabute sa taglagas. Ang Ilog Ohanapecosh —malinaw na berde o asul depende sa liwanag at kung saang anggulo mo ito tinitingnan—ay nakapalibot sa Grove of the Patriarchs. Karamihan sa mga day hike ay nagsisimula sa Ohanapecosh. Mag-camp o magpiknik sa campground.

## Sunrise



NPS / JOHN CHAO

**Masiyahan sa walang katumbas, malawak na tanawin habang nagha-hiking sa gitna ng maringal na kaparangan sa subalpine.**

Sunrise, ang pinakamataas na bahagi ng parke ay nararating ng sasakyan, may mas malawak na tanawin ng Mount Rainier at ng nakapaligid na mga taluktok. Ang mga day hike ay aakay patungo sa mga glacier, lawa, at kaparangan. Magsiyasat sa heolohiya sa visitor center. Tuklasin ang lumang arkitektura at kasaysayan ng Sunrise. Masiyahan sa miryenda sa day lodge. Mag-camp malapit, sa White River Campground.

## Carbon River



NPS / JOHN CHAO

**Makita ang malalagong halaman at higanteng matatandang punong-kahoy sa maulang gubat.**

Gumala-gala sa mamasa-masa, nalalatagan ng lumot na daan sa katamtamang temperatura ng kagubatan. Tuklasin ang dinamikong puwersa ng nagyeyelong ilog. Mag-mountain bike sa makasaysayang daan. Manatili nang isang gabi sa nayon. Bisitahin ang Mowich Lake—ang pinakamalaki at pinakamalalim na lawa ng parke. Mag-camp malapit sa lawa o masiyahan sa katahimikan nito sakay ng canoe. Mangisda sa malalim na katubigan. Mag-hike sa subalpine na kaparangan.

# *Naghihintay na mga Pagtuklas*



Tanawin mula sa Ricksecker Point
NPS / STEVE REDMAN



Wonderland Trail
© NICK POSTORINO



Taglamig sa Paradise
© DEBY DIXON



Mowich Lake
NPS /MELINDA SCHMITT



Grove of the Patriarchs
NPS / CHRIS ROUNDTREE



Kambing bundok
NPS / JOHN CHAO



Usang may itim na buntot
© JEREMY SELL

Mag-hike sa gitna ng matatandang kakahuyan at sa gilid ng mga talon sa Eastside Trail.
NPS / CHRIS ROUNDTREE



Mount Rainier mula sa Tipsoo Lake
© KARTHIKEYAN ERODE



Box Canyon sa Stevens Canyon Road
NPS / STEVE REDMAN



Osong itim
DONNA DANNEN



Reflection Lakes
NPS / DANIEL KEEBLER

BACKGROUND PHOTO:
NPS / CHRIS ROUNDTREE

## Galugarin ang Ilang

**Tirahan ng mga hayop na nakikita at hindi nakikita, ang ilang ng Mount Rainier ay isang patuloy na nagbabagong tanawin ng mga kagubatan, kaparangan, glacier at crater. Ang ilang ay gumaganap ng mahahalagang papel sa buhay sa Lupa. Ang natutunaw na niyebe ay nagbibigay ng sariwang tubig. Naglalabas naman ng oksiheno sa ang mga pananim. Ang pagprotekta sa kagubatan ng bundok, at sa buhay-ilang at ang likas na mga prosesong ng mga ito, ay magiging higit na mahalaga sa ating umuunlad na daigdig.**

**Sa banda pa roon ng mga daan at parking lot, matatagpuan ang ilang na lupain. Halos 97 porsyento ng parke ay Ilang na legal na pinoprotektahan ng 1964 Wilderness Act—hindi nagagambala at hindi nililinang; isang lugar para maglibang at mapag-isa.**





Snowshoeing sa parke *(itaas)*. Ang ilang ng parke ay tahanan para sa buhay-ilang na gaya ng may batik na kwago na ito(kanan).

*ITAAS:* © JOHN T. STROTHER; *KANAN:* NPS / KEITH BAGNALL

## Kilalanin ang mga Tao

**Mahigit 9,000 taon nang pinupuntahan ng mga tao ang Mount Rainier. Ipinahihiwatig ng mga tuklas ng arkeolohiya na ang mga Katutubong Amerikano ay nangaso, nagtipon at nagsagawa ng espiritwal at seremonyal na mga gawain sa bundok na ito. Pinananatili ng kanilang mga inapo ang espesyal na kaugnayan sa kabundukan hanggang sa kasalukuyan.**

**Noong mga huling bahagi ng 1800, kinilala ng mga minero, negosyante at turista ang potensyal ng bundok na makapagbigay ng yaman at libangan. Pumunta sila rito sa pag-asang yumaman, maglibang at kahit upang makalanghap lang ng malinis na hangin ng bundok.**

**Puno ng inspirasyon, matagumpay na itinaguyod ng mga mountain club, siyentista at komunidad na buuin ng Kongreso ang Mount Rainier National Park noong 1899.**



Ang mga dulo ng panudla na ito, na ginawa 2,500 na ang nakakaraan, ay naghahayag ng isang kabanata sa kasaysayan ng parke.

NPS

## Saksihan ang Pagbabago

**Bagaman maaaring tila matibay at matatag ang bundok, hindi talaga gayon ang Mount Rainier. Patuloy na natitibag ang yelo at bato mula sa taluktok nito. Ang mga glacier at ilog ay nagdadala ng mga bagay at tubig pababa ng bundok, na kadalasang nagdudulot ng malaking pinsala sa mga daan at mga gusali ng parke. Ang mga kaparangan sa subalpine, na halos buong taong nakalubog sa ilalim ng niyebe, ay mabilis na sumisibol sa sandaling matunaw ang niyebe. Dapat makibagay ang mga hayop sa patuloy na nagbabagong kapaligirang ito, lumikas, o mamatay.**

**Habang tumataas ang temperatura ng Lupa, hindi pa tiyak kung ano ang magiging epekto ng pagbabagong ito sa mga dinamikong puwersa ng bundok, sa pananim nito, mga hayop, o sa atin mismo.**





Nagbabagu-bago ang tirahan ng buhay-ilang at mga ekosistema dahil sa mga pagbabago ng klima.

*ITAAS:* © JAY THOMPSON; *KANAN:* © THORSTEN SCHEUERMANN

©GPO 20xx—xxx-xxx/xxxxx Bago noong 2015
Inimprenta sa recycled na papel

# Pagbisita sa Parke

**Mga Bisikleta at Motorsiklo:** Ang mga kalsada ay makikitid at walang shoulder. Mag-ingat sa mga mabatong daan. Ipinagbabawal ang mga bisikleta at motorsiklo sa mga landas ng parke. Isuot ang iyong helmet!

**Pangalagaan ang Iyong Sarili at ang Parke:** Sundin ang nakapaskil na mga limitasyon sa bilis at gamitin ang mga hintuan sa paliku-likong daan ng parke. • Ang mga alagang hayop ay dapat na nakatali nang di-lalampas sa anim na talampakan at hindi pinapayagan ang mga ito sa loob ng mga gusali, sa mga daanan ng tao, o sa labas nito o sa mga bahaging kaparangan, o sa niyebe. • Huwag pakainin, lapitan, o gambalain ang buhay-ilang. • Manatili lamang sa inilaan na daanan ng tao. • Pinoprotektahan ng batas pederal ang lahat ng natural at kultural na bahagi ng parke. • Dapat na may permit ka para makapaglakbay nang lampas sa 10,000 talampakan at para sa pananatili nang magdamag sa ilang. • Hindi nangangailangan ng permit o lisensya ang pamimingwit ng isda, ngunit may ilang lugar na isinara o para lamang sa fly-fishing.

**Mga Baril:** Ipinagbabawal ang paggamit ng mga baril sa loob ng Mount Ranier National Park. Ang mga taong legal na makakapagdala ng mga baril sa ilalim ng mga batas ng pederal, Washington State, at lokal na batas ay maaaring magdala nito sa parke. Gayunman, ipinagbabawal ng pederal ang mga baril sa ilang partikular na pasilidad sa parke; ang mga lugar na iyon ay may nakapaskil na mga karatula sa mga pampublikong pasukan.

**Mga Bayad:** Nangongolekta ng bayad ang Mount Ranier mula sa mga bisita na gumagamit ng parke. Ginagamit ang mga recreation fee para mas masiyahan ang mga bisita.

**Tuluyan:** Ang National Park Inn sa Longmire ay bukas buong taon. Ang Paradise Inn ay bukas tuwing tag-araw lamang. Bumisita sa aming website para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa tuluyan at pagka-camping.

**Pagiging madaling puntahan:** Karamihan ng mga visitor center, palikuran, lugar para sa piknik, at itinalagang mga campsite ay maaaring marating o mararating na may tulong para sa mga gumagamit ng silyang de-gulong. • Humanap ng madaling mapuntahang tuluyan sa Longmire at Paradise. • Ang Paradise Jackson Visitor Center, mga audiovisual program, at mga exhibit ay madaling marating. • Ang Sunrise Visitor Center at lugar ng exhibit ay mararating nang may tulong para sa mga gumagamit ng silyang de-gulong. • Humanap ng madaling mapuntahang tuluyan sa ilang ng parke. • Humanap ng madaling mapuntahang daanan ng tao sa Kautz at Paradise. • Ang ilang daanan ng tao sa Paradise at Longmire ay nararating ng may tulong.

**Para sa emergency, tumawag sa 911 gamit ang kahit anong telepono na matatagpuan sa parke.**

**Pagmamaneho sa Taglamig:** Lahat ng sasakyan ay dapat na magdala ng kadenang panggulong kapag naglalakbay sa parke mula Nobyembre 1 hanggang Mayo 1.




**Higit Pang Impormasyon**
Mount Rainier
National Park
55210 238th Ave. East
Ashford, WA 98304
360-569-2211
TTY 360-569-2177
www.nps.gov/mora

Ang Mount Ranier National Park ay isa sa mahigit 400 parke sa National Park System. Alamin pa ang tungkol sa mga parke sa www.nps.gov.

National Park Foundation
Join the park community.
www.nationalparks.org

